
1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## Mga Pagpapahalaga sa Kuwento ng Sariling Pamilya



CO_Q2_AP1_ Module 5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Pagpapahalaga sa Kuwento ng Sariling Pamiya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jo Ann B. Santos, Joy E. Torres

**Editors:** Marjorie D. Pilon, Editha V. Blas, Winnie Angela M. Fermin

**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual

**Tagaguhit:** Monica Andrea Yzabel B. Bayaua

**Tagalapat:** Jenelyn B. Butac

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Rizalino G. Caronan, Romel B. Costales, Rey A. Pascual, Janette V. Bautista, Marivel G. Morales, Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**
Office Address : Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax : (078) 304-3855; (078) 396-9728 E-mail
Address: : region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## Mga Pagpapahalaga
## sa Kuwento ng Sariling Pamilya

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanikanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pagunawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga pagpapahalaga sa kuwento ng sariling pamilya.

Matutunan mo sa modyul na ito ang mga iba't ibang paraan ng pagpapahalaga sa pamilya. Ilan sa mga ito ay ang pagkakaroon ng *Family Portrait, reunion* at iba pang salo-salo ng pamilya bilang pagpapatuloy ng tradisyon, paggalang sa mga ninuno o nakatatandang pinagmulan ng angkan nina Tatay at Nanay at pagbibigayan ng mga regalo.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nailalarawan ang mahahalagang pangyayari sa buhay ng pamilya.
2. Napahahalagahan mo ang mga kuwento ng iyong pamilya.
3. Naipapahayag sa malikhaing pamamaraan ang sariling kuwento ng pamilya.

## *Subukin*

**Panuto:** Lagyan ng tsek (√) ang bilog ng mga bagay na ginagawa para sa iyo ng inyong pamilya.

◯ Inaayos ang tirahan

◯ Inihahanda ang pagkain

◯ Ginagamot kapag may sakit

◯ Pinaliliguan araw-araw

◯ Ginugupit ang mga mahahabang kuko

◯ Tinuturuan ng mabuting asal

◯ Pinasasagot nang may po at opo

◯ Tinuturuang bumati at magpasalamat

◯ Pinagagalitan kung may kasalanan

◯ Binibihisan ng malinis na damit


◯ Pinaiinom ng gatas at juice

◯ Inihahatid sa paaralan


# Aralin 5
# Mga Pagpapahalaga sa Kuwento ng Sariling Pamilya


## *Balikan*

**Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa buhay ng pamilya. Lagyan ng **1** ang una, **2** ang pangalawa, **3** ang pangatlo at **4** ang pang-apat. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.







**B. Panuto:** Gumuhit sa loob ng kahon o magdikit ng 3 larawan ng iyong pamilya na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin nang masigla ang tula.

**Ang Aming Mag-anak**

Ni: Joy E. Torres/Jo Ann B. Santos

Ang aming mag-anak ay laging masaya,
Maligaya kami nila ate at kuya.
Mahal kaming lahat nina ama at
ina, Dahil kami'y sama-sama.

Kahit sa paggawa’y pagod ang katawan,
Tulong ni ama ay laging nakaagapay.
Suliranin lahat nalulunasan,
Sa tulong ng pamilyang nagdadamayan.



## *Suriin*

May mga bagay na pinahahalagahan ang bawat pamilya. Ipinapakita nila ang pagpapahalaga sa iba't ibang paraan. Ilan sa mga ito ay ang pagkakaroon ng *family portrait, reunion* o salo-salo ng pamilya bilang pagpapatuloy ng tradisyon, paggalang sa mga nakatatandang

pinagmulan ng angkan nina Tatay at Nanay at, pagbibigayan ng mga regalo.

Magkakaiba ang mga bagay na pinahahalagahan ng iba't ibang pamilya. Iginagalang ng mga bata ang mga bagay na importante sa pamilya sa pamamagitan ng pagsunod at pagpapatuloy ng tradisyon ng pamilya.

Lahat ng kasapi ng pamilya ay mahalaga. Sina Lolo, Lola, Tiyo at Tiya ay mga kasapi rin ng pamilya. Kailangang magtulungan ang mga kasapi ng pamilya para manatili ang mabuti nilang samahan.

Bawat pamilya ay may kuwento. Ang paggalang sa mga bagay na mahalaga sa kanila ay susi sa mabuting pag-uugnayan ng mga kasapi ng pamilya.




## *Pagyamanin*

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino-sino ang mga nagtuturo ng kagandahang-asal sa mga batang kasapi ng pamilya?
   a. Ang kaibigan
   b. Ang mga magulang

c. Lahat ng kapitbahay niyo

2. Ano ang mangyayari kung magkakasundo-sundo ang mga kasapi ng pamilya?
   a. Magiging masaya ang samahan
   b. Maghihiwalay ng tirahan ang kasapi.
   c. Magiging malungkot ang bawat kasapi.

3. Bakit mahalagang malaman kung sino-sino ang mga bumubuo sa angkan o pamilyang pinagmulan?
   a. Para maipakita ang pagpapahalaga sa mga kaibigan
   b. Para maraming pumunta sa *family reunion*
   c. Para magkakila-kilala ang magkakamag-anak

4. Bakit mahalaga ang mga lumang litrato ng pamilya?
   a. Para manatili ang magagandang alaala
   b. Upang hindi makilala lahat ng kasapi ng pamilya
   c. Upang maging payapa ang pamilya

5. Paano ipakikita ang pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya?
   a. Hindi nagkikibuan
   b. Igalang ang karapatan ng bawat kasapi
   c. Hindi nagtutulungan sa mga gawaing bahay




## *Isaisip*

**Panuto:** Isulat ang tamang salita sa bawat patlang. Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| kumakain | magmano | Tuwing |

______________ Sabado o Linggo sama-samang nagsisimba ang buong pamilya. Masayang ______________ ang buong pamilya sa hapag kainan. Kina Lolo at Lola ay pumipila para ______________ ang mga apo.



## *Isagawa*

**Panuto:** Iguhit sa patlang ang masayang ☺ mukha kung ang gawain ay nagpapakita ng wastong pagpapahalaga sa sariling pamilya. Iguhit naman ang malun☹t na mukha kung hindi.

________1. Masayang nagpipiknik ang pamilyang Garcia sa ilog.

________2. Nakaugalian ni Lena ang paghalik sa mga magulang tuwing aalis ng bahay at darating mula sa paaralan.

________3. Hindi dumadalo sa tradisyunal na pamilyang pagdiriwang o *family reunion* si Arthur.

________4. Sama - sama ang lahat na nagdiriwang sa tagumpay ng pamilya.

________5. Hindi magkasundo ang magkapatid.


## *Tayahin*

**Panuto**: Kulayan ng pula ang puso sa unahan ng bilang kung mahalagang kuwento ng sariling pamilya at berde kung hindi.

1. Sama- sama at tulong – tulong sa
   paglilinis ng bahay
2. Nagdiriwang ang pamilya sa
kaarawan
   ng bawat miyembro.
3. Namamasyal ng sama-sama.
4. Sama-samang nagdarasal
5. Sabay-sabay kumakain

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Sa loob ng bahay, gumuhit o magdikit ng larawan ng iyong pamilya na nagpapakita ng isang mahalagang pangyayari. Isulat ang kuwento nito at kung bakit ito mahalaga.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Magkakaiba ang maaring sagot ng mga bata.

√ √ √
√ √ √
√ √
√ √

**Balikan**

2 4
1 3

**Pagyamanin**

1. b
2. a
3. c
4. a
5. b

**Isaisip**

1. kumakain
2. tuwing
3. nagmamano
4. nagpapalitan
5. reunion


**Isagawa**

1.
2.
3.
4.
5.



**Tayahin**

1
2
3
4
5.



**Karagdagang Gawain**

Magkakaiba iba ang sagot ng mga bata

## *Sanggunian*


K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1

Kagamitan ng Mag-aaral
(Tagalog) Mga Manunulat:
Noel P. Miranda, Odilon B. Ocampo
Rodel Q. Amita, Violeta E. Reyes
Malou M. De Ramos, Lenie A. Tiamzon
Ma. Corazon V. Adriano, Emily R. Quintos

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph